Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-13 NG ABRIL, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............... PANG. PUNONGBAYAN

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan..... Tagapangulo
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad
Kgg. Mario M. Mangahas............... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... Kagawad
Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ariel T. Magcalas............... Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 066-T'98**

**KAPASIYAHANG NAGTATAKDA NG MGA LUGAR NA PAGTATAYUAN NG PERYA AT CIDERA PARA SA DARATING NA KAPISTAHAN NG BAYANG ITO SA PASUBALING WALANG ITITINDANG DAMIT.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at pinagtibay ng Sangguniang ito ang kasunduan sa pagtatayo ng perya at cidera para sa kapistahan ng bayang ito na magsisimula sa ika-26 ng Abril hanggang sa ika-6 ng Hunyo, ng taong nabanggit;

**SAPAGKA'T,** kasunod ng pagpapatibay sa naturang kasunduan ay ang pagtatakda ng mga lugar na pagtatayuan ng perya at cidera para sa maayos na pangangalaga ng lansangan laban sa pagsisikip ng daloy ngmga sasakyan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na itakda ang mga lugar na pagtatayuan ng perya at cidera para sa darating na kapistahan ng bayang ito, ayon sa mga sumusunod:

1. Kaliwang bahagi ng Daang M.H. del Pilar mula sa panulukan ng Daang Alfonso patungong Hilaga hanggang sa panulukan ng Daang Lopez Jaena.

2. Kanang bahagi ng Daang P. Guevara, mula sa panulukan ng Daang Bonifacio hanggang sa panulukan ng Daang B. Valenzuela;

3. Kaliwang bahagi ng Daang F. Sario;

4. Kaliwang bahagi ng Daang Bonifacio mula sa Daang P. Guevara hanggang sa Daang Regidor;

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tanggapan ng Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Kagawaran ng Pulisya, kaukulang lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at hak

(karugtong ng kapasiyahan Blg. 066-T'98)



PINAGTITIBAY.

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang bayan

**NAGPATUTUO:**

**NARCISO O. INFANTE**
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**ENRIQUE R. BAUTISTA**
Punong Bayan